*OFFICIAL USE ONLY

# Manila International Container Terminal (MICT)

# Crane Environmental and Social Management System (ESMS)

*(Executive Summary in Filipino)*

DRAFT

**Version History**

| Version | Date | Subject of Amendment |
|---|---|---|
| V1.0 | January 22, 2026 | Initial disclosure of full draft |

DRAFT

## BUOD NG PROYEKTO

### PINAGMULAN AT BATAYAN

Ang Manila International Container Terminal (MICT) Crane Environmental and Social Management System (ESMS) ay nagtatakda kung paano pinamamahalaan ng MICT ang mga maaaring panganib sa usaping pangkalikasan, panlipunan, pangkaligtasan, kondisyon sa paggawa, pakikipagugnayan sa iba't ibang interesadong partido, at pagresolba sa mga hinaing hinggil sa kabuuang proyekto mula sa pagbili, paghatid, pag-install, pag komisyon, operasyon at pagpapanatili, at kalaunan pag dekomisyon ng ship-to-shore (STS) quay cranes at rubber-tired gantries (RTGs) sa loob ng terminal.

Ang ESMS na ito ay inihanda upang suportahan ang pagsunod sa mga angkop na mga batas at regulasyon sa Pilipinas, ng Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB) Environmental and Social Framework (ESF), at ng mga pangdaigdigang pamantayan. Ipatutupad ang ESMS na ito bilang kondisyon ng pagpopongdo ng AIIB at pagpapatibay sa mas malawak na dedikasyon ng ICTSI sa responsable at sustenableng operasyon nito.

Ang ESMS na ito ay nakabatay sa mga umiiral na mga polisiya, kontrol, at prosesong nakatuon sa pamamahala ng mga epekto ng operasyon sa kalikasan at lipunan na ipinatutupad sa ilalim ng Integrated Management System (IMS) ng MICT, kabilang ang mga prosesong nakaayon sa ISO 9001, ISO 14001, at ISO 45001. Ang proyekto ay kumakatawan sa isang estratehikong pamumuhunan sa imprastruktura ng port upang mapahusay ang operasyon at pagiging kompetitibo nito, habang kinikilala ang mga pangkalikasan at panlipunang panganib kaugnay ng malalaking kagamitan at makinarya sa kabuuan ng proyekto.

Layunin ng ESMS na ito na:

- Tiyakin na ang mga materyal na pangkalikasan at panlipunang panganib, oportunidad at epekto sa kabuuan ng proyekto ay sistematikong natutukoy, nasusuri, napamamahalaan, namo-monitor, at narerepaso;
- Ipakita ang kaayunan ng mga umiiral na sistema ng pamamahala ng MICT sa mga naaangkop na mga pambansang regulasyon, AIIB ESF, at mga pangdaigdigang pamantayan; at
- Magsilbing pundasyon sa pagpapalakas ng kakayahan ng MICT sa pamamahala ng mga susunod pang mga kagayang proyektong nakasentro sa mga malalaking kagamitan at ang kabuuang yugto nito na may pagkilala sa lahat ng aspeto ng kalikasan at lipunan na maaaring maapektuhan nito.

### PAHAPYAW SA KABUUANG MICT ESMS (MGA PANGUNAHING BAHAGI)

#### Komitment sa Pamamahala sa Pangkalikasan at Panlipunang Aspeto ng Proyekto

Ang MICT ay may pananagutan sa pagsasama ng mga pangkalikasan at panglipunan na konsiderasyon sa lahat ng aspeto ng proyekto. Kabilang sa pananagutan na ito ang pagsunod sa mga polisiyang nakatuon sa kalikasan,lipunan, at pamamahala ng ICTSI, mga naaangkop na mga batas ng Pilipinas na pangkalikasan, pangtrabaho, pangkalusugan,pangkaligtasan, pagsunod sa AIIB ESF, at pag-ayon sa mga kaugnay na pamantayang pangdaigdig.

#### Pamamaraan sa Pagtatasa at Pamamahala sa Pangkalikasan at Panlipunang Aspeto ng Proyekto

Itinatakda ng ESMS ang balangkas ng pamamaraan para sa pagtutukoy, pagsusuri, at pamamahala ng pangkalikasan at panlipunang mga panganib at epekto sa kabuuan ng proyekto. Tinitiyak ng mga

pamamaraang ito na ang mga angkop na hakbang o program sa pagpapagaan o pagbabawas ng panganib ay natutukoy at naipatutupad alinsunod sa hirarkiya ng mitigasyon at kontrol.

**Pamamahala sa Organisasyon at Institusyunal na Kaayusan**

Itinatakda ng ESMS ang malinaw na gampanin at tungkulin sa loob ng kabuuang operasyon ng MICT, kabilang ang mga kontraktor at supplier, upang matiyak ang pananagutan at epektibong pamamahala ng mga isinasagawang programa para sa kalikasan at lipunan. Tinutukoy rin nito kung paano pinamamamahalaan ang pagpapatupad sa pamamagitan ng umiiral na istraktura ng organisasyon at sistema ng pamamahala ng MICT. Inilalatag din dito ang institusyonal na ugnayan ng MICT at mga proseso nito sakabuuang gampanin ng ICTSI na nagbibigay ng epektibong pangangasiwa at suportang teknikal sa MICT.

**Pamamahala sa mga Epekto ng Proyekto sa Kalikasan at Lipunan**

Kasama sa ESMS ang Environmental and Social Management Plan (ESMP) na nagtatakda ng mga pamamaraan at kontrol kung paano pinamamamahalaan ang mga natukoy na pangkalikasan at panlipunang panganib kaugnay ng mga aktibidad ng RTG at STS crane sa kabuuang yugto ng mga kagamitang ito.

Isinasakatuparan ng ESMP ang mga umiiral na sistema ng pamamahala ng MICT na pangkalikasan, pangkaligtasan,pangkalusugan sa trabaho para sa pagbili, pagtiyak sa mga supplier at kontraktor, paghatid, pag-install, pag-komisyon, pagpapatakbo, pagpapanatili at pagdekomisyon ng nasabing kagamitan o cranes, Tinatalakay rin nito ang kahandaan sa sakuna, pati na ang mga kinailangan na pagsasanay upang matiyak ang epektibong pagpapatupad ng mga kontrol.

**Pagsubaybay, Pag-uulat, at Patuloy na Pagpapabuti**

Ang kahusayan sa pagganap sa programa para sa kalikasan at panlipunang mga ay sinusubaybayan sa pamamagitan ng mga itinatag na mekanismo at mga kaugnay na sukatan. Ang lahat ng hakbang o programa sa pagpapagaan o pagbabawas ng panganib na natukoy sa pamamagitan ng pagsusuring pangkapaligiran at panlipunan ay ipatutupad at regular na susubaybayan. Ang parehong kahusayan sa pagganap at ang implementasyon ng mga hakbang ay iuulat sa mga interesadong partido sa loob at labas ng organisasyon.

**Pakikipag-ugnayan sa mga Interesadong Partido at Mekanismo para sa mga Hinaing**

Ang pakikipag-ugnayan sa mga interesadong Partido sa ilalim ng ESMS na ito ay pangunahing nakatuon sa mga manggagawa, kontraktor, at mga awtorisadong entidad sa pamamagitan ng mga nakagawian at mga umiiral na pamamaraan. Ang umiiral na mekanismo para sa mga hinaing ng MICT ay ipatutupad at higit pang palalakasin upang matiyak na ang mga reklamo at suhestyon ay maaaring maipahayag at matugunan sa isang mabilis, tapat, at makatarungang paraan.

**Pagsusuri at Pagpapabuti ng ESMS**

Ang ESMS ay regular na susuriin at ia-update upang isama ang mga natutunan at nadokumento sa panahon ng implementasyon ng proyekto at upang tumugon sa mga umuusbong na mga panganib, at mga nagbabagong regulasyon at pandaigdigang pamantayan. Ang patuloy na pagpapabuti ay isasagawa sa pamamagitan ng pangangalap ng suhestyon or pun amula sa mga interesadong partido, pagsubaybay sa kahusayan sa pagganap ng mga programa at mga sukatan nito, at ang regular na pagsusuri ng pamamahala.